


Ano

ang Iyong

Buhay?



Sa sulat ni Santiago, ang kapatid ni Jesus, isinulat: Ano ang iyong buhay? Ilang tao, maging mga Kristiyano man, ay pinag-iisipan ding tanungin ito. Ang tanong na ito ay hindi isang retorika katanungan (tanong na walang katugunan o maaari rin may malinaw na sagot) kundi isang personal na tanong. Hayaan ninyong muling itanong ko ang mga ito: Ano ang buhay? May dalawa (2) lamang ang maaaring sumagot ng tanong na ito nang wasto; ikaw at ang isa naman ay ang Dios na lumikha sa iyo.

Tayo ay nag-iisip, tumatanaw, umaalam, dumadama, kumikilos, nagpapagabay at nakikipag-ugnayan sa isang pisikal na mundo. Ang tao ay madalas sinisipat ang buhay ayon sa pananaw ng mundong kanyang ginagalawan. Ang buhay ay maaaring wasak o maayos, kapos o sagana, miserable o maalwan, madilim o maaliwalas, kahabag-habag o maringal, masaya o malungkot. May ilan ang magsasabi na ang buhay ay matagumpay, samantalang ang iba ay sasabihin na ito ay batbat ng kabiguan. Mayroon din naman nagsasabi na ito ay puno ng saya subalit may nagsasabi rin na ito ay napakagulo.

Ngunit, ang tanong ay hindi 'Kumusta ka?' o 'kung kumusta ang iyong buhay?' na ang pwedeng isagot ay alinman sa masaya o malungkot, o mabuti o hindi mabuti. Ang tanong na ating pinapaksa ay mas malalim at higit na mas malawak ang kahulugan sapagkat lumalagos ito sa pinakadiwa ng ating pag-iral bilang tao.

Sa madaling salita, tayo ay tinatanong tungkol sa kahalagahan

ng ating pag-iral. Bakit tayo nabubuhay? Bakit tayo narito? Bakit ikaw ay buhay? Ano ba ang iyong kabuluhan? Ano ba ang layunin ng ating buhay? Ang pinakamalalim na pilosopikal tanong: Ano ba ang iyong buhay? O 'ano ba ang buhay?' sa pangkalahatang pagtatanong.

Inuubos ng tao ang kanilang buong panahon sa mundo sa pagtuklas ng buhay—o basta na lang namumuhay nang hindi nalalaman ang dahilan ng kanilang pag-iral. Ang buong sangkatauhan ay inaakala na ang magtipon ng sapat na kabuhayan para sa di tiyak na itatagal ng buhay ay ang tanging layunin ng buhay.

Ang Pagtuklas ni Solomon

Ang pinakamarunong na tao at hari na nabuhay, si Haring Solomon, ay naharap din sa tanong na ito: Ano ang buhay? Bilang isang pinakamatalinong hari na nagkamal ng di malirip na kayamanan higit sa sinuman, ginugol ni Solomon ang panahon upang matuklasan ang kahulugan, layunin at diwa ng buhay. Ginamit niya ang kanyang pagkahari ng buong buo sa karunungan, kasiyahan, at kayamanan sa maigting na pagsisikap na mahanap ang mga sagot sa pinakamahalagang tanong na ito hinggil sa buhay.

Si Haring Solomon ay nakarating sa dalawang (2) konklusyon matapos pag-aralan ang mga ito; Na ang

A. Ang buhay ay walang kabuluhan at lubusang mawawalan ng kabuluhan kung walang mas mataas na layunin na higit pa sa pisikal na pag-iral o buhay natin. Walang mas mabuting gawin maliban sa magpakaligaya habang may buhay—kumain, uminom at magsaya—sapagka't ang dulo ng lahat ng ito ay kamatayan. Matatagpuan ito sa unang kabanata ng Ecclesiastes na

isinulat ni Haring Solomon.

Mangangaral 1

¹ *Ito ang mga katuruan ng Mangangaral, ang anak ni David na hari ng Israel.*

² *“Napakawalang kabuluhan! Napakawalang kabuluhan; lahat ay walang kabuluhan,” sabi ng Mangangaral.*

Ang salitang Hebreo na isinalin bilang 'walang kabuluhan' ay HABEL sa NIV, na ang katumbas na kahulugan ay "singaw". Ito ay tumutukoy sa isang bagay na panandalian, walang saysay, walang silbi, walang kasiyahan at kahungkagan. Samakatuwid, ang salitang *“walang kabuluhan”* na ginamit sa KJV ay ang mas mahusay na pagsasalin. *“Napakawalang kabuluhan! walang kabuluhan; lahat ay walang kabuluhan,”* sabi ng Mangangaral.”

Kung ang buhay na ito ay walang mas mataas na layunin nang higit pa sa kasiyahanang dulot ng mundo, ang buhay na ito ay nakababagot at tulad ng isang singaw na naglalaho. Samakatuwid, ang buhay na walang mas mataas na layunin ay walang kabuluhan. Karunungan ng mundo, kasiyahan at yaman ay walang halaga at walang silbi at panandalian lamang gaya ng iba pang tinatamasa natin.

³ *Nagpapakapagod ka nang husto sa pagtatrabaho sa mundong ito. Ngunit para saan ba ang mga pagpapakagod na ito?*

⁴ *Patuloy ang pagpapalit-palit ng mga lahi ngunit hindi nagbabago ang daigdig.*

⁵ *Ang araw ay patuloy sa pagsikat at patuloy sa paglubog; pabalik-balik lang sa pinanggalingan.*

⁶ *Ang hangin ay umiihip patungong timog, papuntang hilaga, buong*

araw na paikut-ikot.

⁷ *Lahat ng tubig ay umuuwi sa dagat ngunit hindi ito napupuno. Ang tubig ay bumabalik sa batis na pinagmulan upang muling umagos patungong karagatan.*

⁸ *Ang lahat ng bagay ay nakababagot, hindi makayanang ipaliwanag. Walang sawa ang paningin ng tao; walang tigil ang kanyang pakinig.*

⁹ *Ang naganap noon ay nangyayari rin ngayon. Ang mga nagawa noon ay nagagawa rin ngayon; walang bagong pangyayari sa mundong ito.*

¹⁰ *Ang sabi ng iba, "Halikayo! Ito'y bago." Ngunit naganap na iyon noong di pa tayo tao.*

¹¹ *Hindi na maalala ang mga nauna. At ang nangyayari ngayon ay malilimutan din sa hinaharap.*

Ang buhay ay lubhang maiksi lamang. Ang mundo ay patuloy sa pag-iral ngunit ang mga tao ay pumapanaw. Kung ang buhay na ito ng 70, 80, 100 o kahit 175 taon (tulad ni Abraham) ay ito ang lahat lahat na, ito ang buhay na walang kahulugan at layunin. Buhay ay tunay na gaya ng isang singaw o hangin—walang kabuluhan at walang saysay.

¹² *Ako, ang Mangangaral, ay naging hari ng Israel.*

¹³ *Siniyasat ko at pinag-aralang mabuti ang lahat ng bagay sa buong mundo. At nakita kong ang tao'y itinalaga ng Dios sa matinding paghihirap.*

¹⁴ *Nakita kong ang lahat ng gawa ng tao sa mundong ito ay walang kabuluhan; ito'y tulad lang ng paghahabol sa hangin.*

¹⁵ *Hindi na maitutuwid ang baluktot at hindi na maibibilang ang wala.*

¹⁶ *Sinabi ko sa aking sarili, "Ang karunungan ko'y higit sa sinundan kong mga hari ng Jerusalem. Alam ko kung ano ang tunay na karunungan at kaalaman."*

¹⁷ *Pinag-aralan kong mabuti ang pagkakaiba ng karunungan at ng kamangmangan, ng katalinuhan at ng kabaliwan. Ngunit napatunayan kong ito rin ay tulad lang ng paghahabol sa hangin.*

¹⁸ *Habang lumalawak ang karunungan ay dumarami ang alalahanin, at habang dumarami ang nalalaman ay lalong tumitindi ang kapighatian.*

Ang kahulugan ng buhay ay hindi matatagpuan sa karunungan ng mundong ito. Ito ay hindi maaaring matagpuan sa pilosopiya; hindi sa agham at mas lalong hindi sa ang pag-aaral ng kalinangan ng tao. Ang mundo ay walang mai-aalok sa katanungan ng buhay.

B. May isang banal na layunin ng pag-iral ng buhay at tayo ay mananagot sa Dios para sa buhay na iyon. Ang Pisikal na buhay sa mundong ito ay panandalian ngunit makatuturan. May malawak na layunin sa buhay higit pa sa nalalaman ng karamihan o ating nauunawaan. Ang buhay ay magkaroon ng kahulugan at layunin kapag natagpuan natin ang Dios.

Mangangaral 12

¹ *Alalahanin mo ang iyong Manlilikha sa panahon ng iyong kabataan bago dumating ang mga araw at taon na puno ng kaguluhan, panahong hindi mo na madama ang tamis ng mabuhay.*

² *Alalahanin mo ang Dios bago makubli ang sikat ng araw, bago magdilim ang buwan at mga bituin, bago ka matabunan ng makapal at madilim na ulap.*

³ *Alalahanin mo siya bago humina ang iyong katawan, bago manghina ang iyong mga bisig, bago mawalan ng lakas ang iyong mga tuhod. Alalahanin mo siya bago mabungi ang iyong mga ngipin at bago lumabo ang iyong mga mata.*

⁴ *Alalahanin mo nga siya bago dumating ang panahon na sarado na ang*

mga pintuan at tumigil na ang tunog ng gilingan; bago dumating ang panahon na madali kang magising sa himig ng mga ibon, o ang tunog ng awitin ay tuluyan ng tumigil.

⁵ *Alalahanin mo siya bago dumating ang panahong katatakutan mong umakyat sa mataas na lugar, bago dumating ang panahong di ka na makalakad na mag-isa, bago pumuti ang iyong buhok, at lipasan ng pagnanasang sumiping sa minamahal. Darating ang araw na tayo'y pupunta sa huli nating hantungan at marami ang tatangis sa lansangan.*

⁶ *Darating ang araw na malalagot ang tanikalang pilak na nagdadala sa ilawang ginto; babagsak ito at madudurog. Darating din ang araw na malalagot ang tali ng timba at ito'y babagsak at masisira.*

⁷ *Alalahanin mo siya bago manumbalik sa alabok ang ating katawang lupa at ang ating hininga ay magbalik sa Dios na may bigay nito.*

⁸ *Walang kabuluhan ng mga walang kabuluhan, sabi ng Mangangaral; lahat ay walang kabuluhan.*

Napagtanto ang lahat ng ito ni Solomon, at kasabay nito ay nagpahayag siya na may higit pang dakilang layunin ang buhay natin. Para tayo ay mabuhay ng isang makabuluhang buhay na may layunin, hanapin ang Dios sa panahon ng ating kabataan. Kung hindi, nag aaksaya ka lamang ng iyong buhay sa makamundo at walang saysay na pamumuhay dito sa lupa.

Lahat ng nalalaman ng Mangangaral ay itinuro niya sa mga tao. Pinag-aralan niyang mabuti ang mga kasabihan at sinubok kung ito'y totoo.

¹⁰ *Pinipili niya ang mga salitang magdudulot ng kasiyahan at isinusulat ang katotohanan.*

¹¹ *Ang mga salita ng matalino ay matulis na tulad ng tungkod na pantaboy ng kawalan, tulad ng matulis na pakong nakabaon pagkat buhat*

sa tanging pastol nating lahat.

¹² *Anak ko, mag-ingat ka sa mga bagay na wala rito. Hindi matitigil ang paggawa ng iba't ibang aklat, at ang labis na pag-aaral ay pahirap sa katawan.*

¹³ *Sa kabila ng lahat ng ito, isa lamang ang aking masasabi: Matakot ka sa Dios at sundin mo ang kanyang mga utos sapagkat ito ang buong katungkulan ng tao.*

¹⁴ *Lahat ng gawin natin, hayag man o lihim, mabuti o masama ay ipagsusulit natin sa Dios.*

Ang naging konklusyon ni Haring Solomon matapos matalos ang mga bagay bagay ay ito: Ang Buhay ay isang kaloob buhat sa Dios, makabuluhan ito at hindi hungkag o walang saysay. May dakilang layunin ng ating buhay at pag-iral, bagamat kung susuriin ito ay panandalian lamang.

Ang buong katungkulan ng bawat tao ay para sa Dios na lumikha sa atin at nagbigay ng buhay, na panatilihin ang malapit na ugnayan at relasyon natin sa Kanya sa pag-sunod sa Kanyang mga kautusan—dahil ang araw ng paghuhukom at pagtutuos ay nalalapit na dala ang gantimpala sa muli Niyang pagbabalik.

Higit Pa sa Pisikal

Ilan lamang ang nakakakita ng tunay na kahulugan ng buhay ng higit pa sa pisikal na pagkaunawa. Upang masagot ang katanungan ng tama, kailangang maintindihan natin kung ano ba talaga ang buhay.

Ang simula at pinagmumulan ng buhay ay Dios. Ang Buhay ay isang kaloob—pinakamagandang regalo buhat sa Dios. Ecclesiastes 5:18, *Narito, na aking nakita na mabuti at ukol sa tao ang kumain at uminom, at magalak sa kabutihan sa lahat niyang gawa na*

kaniyang ginawa sa ilalim ng araw lahat ng mga kaarawan ng kaniyang buhay na ibinigay sa kaniya ng Dios: sapagka't ito'y kaniyang bahagi.

Ang buhay ay isang kaloob mula sa Dios. Ang mabuhay—ang maranasan ang buhay—ay isang regalo! Para mabuhay—ang pagkakaroon ng kamalayan, kamulatan, lakas, gumagana at nananatili ay pagiging tulad ng Dios. Ano ang tinatamasa natin ngayon—itong pisikal, temporal at mortal na buhay—ang kamalayan—isang patikim lamang, isang halimbawa, isang paunang pagpapakita ng kung ano ang maging gaya ng Dios.

Alalahanin na gaya ng nakasulat sa Genesis, "*tayo ay nilikha sa larawan at wangis ng Dios.*" Dala natin sa buhay na ito ang larawan at wangis ng ating Tagapaglikha. Kahit sa ating pisikal na anyo, pinagkakalooban tayo ng katangiang tulad ng sa Dios na kamulatan at kamalayan—ng pagiging buhay. Oo, maaaring ang pisikal na buhay na ito ay panandalian lamang na nagmula sa alabok ng lupa, gayunpaman ang tao ay may sangkap na bahagi ng pagka-dios nang ang Dios ay nagbigay sa atin ng buhay—ang tao ay naging isang buhay na nilalang.

Genesis 2:7, *At nilalang ng Panginoong Dios ang tao sa alabok ng lupa, at hiningahan ang kaniyang mga butas ng ilong ng hininga ng buhay; at ang tao ay naging kaluluwang may buhay.* BUHAY. Ang buhay ay kaloob ng Dios sa atin at ang kaloob na ito ay maaaring magpatuloy, permanente at walang hanggan.

Tayo ay naging masyadong nakatuon sa kung paano mamuhay sa mundong pisikal na ito, nakaligtaan ang isang pinakamahalaga. Sa ganito, ipinahayag ni Jesus sa aklat ni Juan 10:10, "*Dumating ako upang sila ay magkaroon ng buhay, at magkaroon ang mga ito ng lubos.*"

Ang kabuuan ng buhay ay higit pa sa pisikal na buhay na ito. Muling ipinahayag ni Jesus sa kanyang unang naitalang pagtuturo sa bundok ng mga olibo:

Mateo 6

²⁵ *“Kaya’t sinasabi ko sa inyo, huwag kayong mabalisa tungkol sa inyong kakainin at sa inyong iinumun upang kayo’y mabuhay o kaya’y tungkol sa susuutin ng inyong katawan. Hindi ba’t ang buhay ay higit na mahalaga kaysa pagkain at ang katawan kaysa damit?”*

²⁶ *Masdan ninyo ang mga ibon. Hindi sila nagtatanim ni umaani man o kaya’y nagtitipon sa kamalig, ngunit pinapakain sila ng inyong Ama na nasa langit. Hindi ba’t higit kayong mahalaga kaysa mga ibon?”*

²⁷ *Sino sa inyo ang makakapagpahaba ng kanyang buhay nang kahit isang oras sa pamamagitan ng kanyang pagkabalisa?”*

²⁸ *“At bakit kayo nababalisa tungkol sa pananamit? Isipin ninyo kung paano tumutubo ang mga bulaklak sa parang; hindi sila nagtatrabaho ni gumagawa ng damit.*

²⁹ *Ngunit sinasabi ko sa inyo, kahit si Solomon na napakayaman ay hindi nakapagdemit ng singganda ng isa sa mga bulaklak na ito.*

³⁰ *Kung dinaramtan ng Dios ang damo sa parang, na buháy ngayon, at kinabukasan ay iginagatong sa kalan, kayo pa kaya? Kay liit ng inyong pananampalataya sa kanya!*

³¹ *“Kaya’t huwag kayong mag-alalang baka kayo kapusin sa pagkain, inumin o damit.*

³² *Hindi ba’t ang mga Hentil ang nababahala tungkol sa mga bagay na iyan? Alam na ng inyong Ama na nasa langit na kailangan ninyo ang lahat ng iyan.*

³³ *Ngunit higit sa lahat ay pagsikapan ninyo na kayo’y pagharian ng Dios at mamuhay nang ayon sa kanyang kalooban, at ibibigay niya sa inyo ang lahat ng inyong pangangailangan.*

³⁴ *“Kaya nga, huwag ninyong ikabalisa ang para sa araw ng bukas; dahil ang bukas ang bahala sa sarili nito. Sapat na ang inyong mga suliranin sa batwat araw.*

Ano ba ang Buhay?

May dalawa (2) lamang na makasasagot ng tanong na ito; ang isa ay ang ikaw na nabubuhay—ay buhay ka, at ang lumikha sa atin—ang Dios. Si Haring David ay pagnilayan ang mismong tanong na ito sa pahina ng Awit 8.

Awit 8

¹ *O Yahweh, na aming Panginoon, sa buong mundo'y tunay kang dakila! Iyong papuri'y abot sa langit!*

² *Pinupuri ka ng mga bata't bagong silang, ikaw ay nagtayo ng isang tanggulan, kaya't natahimik ang lahat ng iyong kaaway.*

³ *Pinagmasdan ko ang langit na gawa ng iyong kamay, pati ang buwan at mga bituin na iyong inilagay.*

⁴ *Ano ba ang tao upang iyong pahalagahan; o ang anak ng tao upang iyong pangalagaan?*

⁵ *Nilikha mo siyang mababa sa iyo nang kaunti, pinuspos mo siya ng dangal at ng luwalhati.*

⁶ *Ginawa mo siyang pinuno ng lahat ng iyong nilikha, sa lahat ng mga bagay, siya ang iyong pinamahala:*

⁷ *mga tupa at kawwan pati na ang mababangis,*

⁸ *lahat ng ibong lumilipad, at mga isda sa karagatan, at lahat ng nilikhang nasa karagatan.*

⁹ *O Yahweh, na aming Panginoon, sa buong mundo'y tunay kang dakila!*

Si David ay pinagnilayan ito ng may pagkamangha subalit wala siyang mahagilap na sagot. Ang sagot ay ibinigay sa pamamagitan ng isang inspiradong manunulat ng liham sa Mga Hebreo.

Hebreo 2

⁶ *Sa halip ay ganito ang sinasabi ayon sa isang bahagi ng kasulatan: “Ano ba ang tao upang iyong pahalagahan, o ang anak ng tao upang iyong pangalagaan?”*

⁷ *Sandaling panahong siya’y ginawa mong mas mababa kaysa mga anghel, pinuspos mo siya ng dangal at ng luwalhati,*

⁸ *at ipinasakop mo sa kanyang kapangyarihan ang lahat ng bagay.” Nang ipinasakop ng Dios ang lahat ng bagay sa kapangyarihan ng tao, walang bagay na di ipinailalim sa kanya. Sa kasalukuyan, hindi pa natin nakikitang napapailalim sa kanyang kapangyarihan ang lahat ng bagay.*

⁹ *Subalit alam nating si Jesus, kahit na sa kaunting panaho’y ginawang mas mababa kaysa mga anghel, ay binigyan ng karangalan at kaluwalhatian dahil sa kanyang kamatayan. Dahil sa kagandahang-loob ng Dios sa atin, niloob niyang si Jesus ay mamatay para sa ating lahat.*

¹⁰ *Sa pamamagitan ng mga pagtitiis, siya’y ginawang ganap ng Dios at nang sa gayon ay makapagdala siya ng maraming tao patungo sa kaluwalhatian. Ito’y dapat lamang gawin ng Dios na lumikha at nangangalaga sa lahat ng bagay, sapagkat si Jesus ang tagapanguna ng kanilang kaligtasan.*

¹¹ *Si Jesus ang nagpapabanal sa mga tao. Ang kanyang Ama at ang Ama ng mga taong ito ay iisa, kaya’t hindi niya ikinahihiyang tawagin silang mga kapatid*

Ngayon, alam natin na mayroong isang mas mataas na layunin at isang mas makabuluhang kahulugan sa ating buhay higit pa sa buhay sa mundo. Mayroong kaluwalhati nanghihintay sa atin na hindi natin alam, hanggang sa ngayon.

Ano Ba ang Iyong Buhay Para sa Dios?

Ang buhay mo ay mahalaga para sa Dios dahil nais Niyang

gawin kang Kanyang anak. Sinasayang ng tao ang buhay araw araw sa mga makamundong mga bagay dahil hindi nila nalalaman ang layunin ng Dios sa paglikha sa tao at sa buhay na kaloob Niya.

2 Pedro 1:4

Sa paraang ito ay binigyan niya tayo ng mga dakila at napakahalagang pangako upang makaiwas tayo sa nakakasirang pagnanasa sa sanlibutang ito at upang makabahagi tayo sa kanyang likas bilang Dios.

Mayroong dakilang kaluwalhatian ang naghihintay sa mga nilalang ng Dios. Hindi lumikha ang Dios ng buhay na panandalian, walang silbi at walang kabuluhan. Nilikha ng Dios ang buhay na walang hanggan. Ang Buhay na walang hanggan ay ang kakayahang maging bahagi ng banal na katangian ng Dios sa Kanyang kaharian.

Si Pablo ay malinaw na pinaliwanag ito sa mga Taga Roma 8 hinggil sa tunay at malalim na kahulugan ng buhay:

¹⁸ *Para sa akin, ang mga pagtitiis natin sa kasalukuyan ay hindi maihahambing sa kaluwalhatian ng mahahayag sa atin balang araw.*

¹⁹ *Sapagkat nanabik ang sangnilikha na ihayag ng Dios ang kanyang mga anak.*

²⁰ *Nabigo ang sangnilikha, hindi dahil sa kagustuhan nito, kundi dahil itinulot iyon ng Dios. Gayunman, nagbigay rin siya ng pag-asa*

²¹ *na ang lahat ng nilikha ay pinalaya ng Dios upang hindi na ito mabulok, at upang makabahagi ito sa maluwalhating kalayaan ng mga anak ng Dios.*

²² *Alam nating hanggang ngayo'y dumaraing ang sangnilikha dahil sa matinding hirap na tulad ng isang nanganganak.*

²³ *At hindi lamang ito, kundi tayong mga tumanggap na ng Espiritu bilang unang kaloob ng Dios ay dumaraing din habang hinihintay natin ang paghahayag ng ating pagiging mga anak ng Dios at ang paglaya ng ating mga katawan.*

²⁴ *Naligtas tayo dahil sa pag- asang ito. Ngunit hindi iyon matatawag na pag-asa kung nakikita na natin ang ating inaasahan. Sapagkat sinong tao ang aasa pa kung ito'y nakikita na niya?*

²⁵ *Ngunit kung umaasa tayo sa hindi natin nakikita, hinihintay natin iyon nang buong tiyaga.*

²⁶ *Gayundin naman, tinutulungan tayo ng Espiritu sa ating kahinaan. Hindi tayo marunong manalangin nang wasto, kaya't ang Espiritu ang dumaraing para sa atin, sa paraang di natin kayang sambitin.*

²⁷ *At ang Dios na siyang nakakasaliksik sa puso ng tao, ang siyang nakakaalam kung ano ang kalooban ng Espiritu, sapagkat ang Espiritu ang namamagitan para sa mga hinirang, ayon sa kalooban ng Dios.*

²⁸ *Alam nating sa lahat ng bagay ay gumagawa ang Dios para sa ikabubuti ng mga nagmamahal sa kanya, silang mga tinawag ayon sa kanyang layunin.*

²⁹ *Sapagkat sa mula't mula pa'y alam na ng Dios kung sino ang magiging kanya at ang mga ito'y pinili niya upang maging tulad ng kanyang Anak. Sa gayon, ang Anak ang naging panganay sa lahat ng maraming magkakapatid.*

³⁰ *Ang mga pinili niya noon pang una ay kanyang tinawag; at ang mga tinawag ay kanya ring pinawalang-sala, at ang mga pinawalang-sala ay kanyang binahaginan ng kanyang kaluwalhatian.*

Buod

Binuksan natin ang pag-aaral ng Bibliya na may ang malaking katanungan mula kay Santiago. Taglay natin ang buhay at ipinamumuhay natin ito, ngunit kapos tayo sa kaalamang tungkol

dito at layunin ng ating pag-iral. Sa gayon, isinulat ni Santiago:

¹³ *Makinig kayo sa akin, kayong nagsasabi, “Ngayon o bukas ay pupunta kami sa ganito at ganoong bayan at isang taon kaming titigil doon, mangangalakal kami at kikita nang malaki.”*

¹⁴ *Ni hindi nga ninyo alam kung ano ang mangyayari sa inyo sa araw ng bukas! Ang buhay ninyo’y parang usok lamang, sandaling lumilitaw at agad nawawala.*

¹⁵ *Sa halip ay sabihin ninyo, “Kung loloobin ng Panginoon at nabubuhay pa kami, gagawin namin ito o iyon.”*

Ang tanging pinagmumulan ng tunay na pagka-unawa tungkol sa buhay ay manggagaling lamang sa May-akda ng Buhay. Ang ating buhay ay hindi dinisenyo na nagtatapos lamang sa pisikal na buhay na ito. Ang ating layunin ay dapat nakatuon sa buhay na darating – ang maluwalhati at pangwalang-hanggan. Ito ang tinutukoy ni Jesus nang sabihin niyang: *hanapin muna ang kaharian ng Dios at ang Kanyang kabutihan.*

Ano ngayon ang gagabay sa atin matapos mabatid ang makapigil hiningang katotohanan ito tungkol sa buhay? Si Pablo ang nagtagubilin sa atin sa pamamagitan ng liham para mga Taga Colosas 3.

¹ *Binuhay kayong muli na kasama ni Cristo, kaya’t ang pagtuunan ninyo ng isip ay ang mga bagay na nasa langit na kinaroroonan ni Cristo, na nakaupo sa kanan ng Dios.*

² *Ang mga bagay na panlangit ang isaisip ninyo, hindi ang mga bagay na panlupa,*

³ *sapagkat namatay na kayo at ang inyong tunay na buhay ay natatago sa Dios, kasama ni Cristo.*

⁴ *Si Cristo ang inyong buhay, at kapag siya'y nahayag na, mahahayag din kayong kasama niya at makakahati sa kanyang karangalan.*

⁵ *Kaya't dapat nang matwala sa inyo ang mga pagnanasang makalaman, ang pakikiapid, kahalayan, mahalay na simbuyo ng damdamin, masasamang nasa, at ang kasakiman na isang uri ng pagsamba sa diyus-Diosan.*

⁶ *Dahil sa mga ito, tatanggap ng parusa ng Dios ang mga taong ayaw pasakop sa kanya.*

⁷ *Kayo man ay namuhay din ayon sa mga pitang iyon nang kayo ay pinaghaharian pa ng mga ito.*

⁸ *Ngunit ngayon, itakwil na ninyo ang lahat ng galit, poot, at sama ng loob. Iwasan na ninyo ang panlalait at malaswang pananalita.*

⁹ *Huwag kayong magsisinungaling sa isa't isa, sapagkat hinubad na ninyo ang dati ninyong pagkatao, pati ang mga gawa nito.*

¹⁰ *Isinuot ninyo ang bagong pagkatao na patuloy na nababago at nagiging kalarawan ng Dios na lumikha sa inyo, upang lalo ninyo siyang makilala.*

¹¹ *Kaya't sa kalagayang ito, wala nang pagkakaiba ang Griego at ang Judio, ang tuli at ang di-tuli, ang dayuhan at ang mabangis na tao, ang alipin at ang malaya. Ngunit si Cristo ang pinakamahalaga sa lahat, at siya'y nasa inyong lahat.*

¹² *Kaya nga, dahil kayo'y hinirang ng Dios, minamahal niya at pinili para sa kanya, dapat kayong maging mahabagin, mabait, mapagpakumbabá, mahinahon, at mapagtiis.*

¹³ *Magpasensiya kayo sa isa't isa at magpatawad kayo kung may hinanakit kayo kaninuman. Magpatawad kayo gaya ng pagpapatawad sa inyo ng Panginoon.*

¹⁴ *At higit sa lahat, magmahalan kayo, sapagkat ang pag-ibig ang buklod ng ganap na pagkakaisa.*

¹⁵ *Paghariin ninyo sa inyong puso ang kapayapaang kaloob ni Cristo,*

sapagkat iyan ang dahilan kung bakit kayo tinawag sa iisang katawan. Magpasalamat kayong lagi.

¹⁶ *Ang salita ni Cristo'y hayaan ninyong lubusang manatili sa inyong puso. Turuan ninyo at paalalahanan ang isa't isa nang may buong karunungan. Buong puso kayong umawit ng mga salmo, mga himno at mga awiting espirituwal, nang may pagpapasalamat sa Dios.*

¹⁷ *At anuman ang inyong sasabihin o gagawin, gawin ninyong lahat sa pangalan ng Panginoong Jesus at sa pamamagitan niya'y magpasalamat kayo sa Dios Ama.*

Kailangan unawain at isaayos ng lahat kung ano talaga ang mga prayoridad sa buhay. Ang mabuhay hindi ayon sa mundong ginagalawan kundi para kay Kristo bilang mga piniling karapatdapat na mga anak ng Dios.

Ano ba ang iyong buhay? Sinasabi namin ng paulit ulit na dalawa lamang ang makasasagot ng tanong na ito; ang isa ay ang taong na ipinapamuhay ito at ang isa naman ay ang Dios na nagkaloob nito. Pagkatapos ay muli nating itanong:

Ano ba ang iyong buhay sa Dios? Ang sagot, ginagawa kang maging anak di ng Dios. Siya ay nagbibigay sa iyo ng buhay ng puspos na kaluwalhatian upang maging kabilang sa kaharian ng Dios.

Juan 1:12-13

¹² *Subalit ang lahat ng tumanggap at sumampalataya sa kanya ay binigyan niya ng karapatang maging mga anak ng Dios.*

¹³ *Sila nga ay naging mga anak ng Dios, hindi dahil sa isinilang sila ayon sa kalikasan o sa kagustuhan o sa kagagawan ng tao kundi ang pagiging anak nila ay dahil sa kalooban ng Dios.*

Ano ba ang buhay para sa inyo? Kung hindi mo masagot ito, hayaan ang Dios na sagutin ito para sa inyo. Sana masagot mo ito nang may pagkakataon pa...

Limbag ng Iglesia ng Dios Internasyonal (Pilipinas)

The Church of God International
Meeting Places

Manila

6th Floor, Peaksun Bldg.
Princeton St.,
Mandaluyong City
Saturdays, 2 p.m.

Naga

New Crown Hotel
Elias Angeles cor.
P. Burgos St.,
2nd-5th Saturdays
10 a.m.

Alabang

Crimson Hotel,
Entrata Urban Complex,
Filinvest City, 2609 Civic Dr.,
Muntinlupa City,
Saturdays, 2 p.m.

Cebu

Rajah Park Hotel
Fuente Osmeña Circle
Cebu City
1st Saturday of the Month
1 p.m. - 4 p.m.

Malolos

Hiyas ng Bulacan
Convention Center
Malolos City
Saturdays, 2 p.m.

Mindanao

Alzon's Palace, Maranding
Lala, Lanao del Norte
Saturdays 10 a.m.

Iloilo City

Iloilo Midtown Hotel
Yulo St.
Saturdays, 2 p.m.

Brgy. Kiara, Don Carlos,
Bukidnon

1st & 3rd Saturday of the Month
10 a.m.

For Further Information

If you would like to visit a CGI congregation, or if you would like to speak with a CGI minister or representative with any questions you may have, feel free to write or call us. We will be delighted to serve you in any way possible.

United States:
Church of God International
P.O. Box 2525
Tyler, TX 75710
(903) 825-2525

Canada:
Church of God International, Canadian Office
121-525 Highland Rd. W.
Kitchener, ON N2M 5P4

Australia:
Church of God International
P.O. Box 171
Boonah, Qind 4310

Philippines:
Church of God International
Makati Central P.O. Box 2450
1264 Makati City, Philippines
Tel: (632) 995-0294
Tel/Fax: (632) 995-0577
Cel: 0917-8116365



This booklet is a free educational service
in the public interest, published by
The Church of God International, Philippines
P.O. Box 2450, Makati Central P.O.
1264 Makati City, Philippines

